

PRACTICAL
FAITH SERIES

Overflow

SIX BIBLE STUDY LESSONS
FOR GROUP DISCIPLESHIP



TAGALOG VERSION
FOR RIVER OF GOD CHURCH USE ONLY

Overflow

SIX BIBLE STUDY LESSONS

FOR GROUP DISCIPLESHIP



EVERY NATION
PRODUCTIONS

Paano Gamitin ang Materyal na ito

Sa Victory, ang pangunahing lugar para sa pagiging disipulo ay nangyayari sa isang maliit na grupo. Ito ay tinatawag na Victory group. Mariin naming hinihikayat ang lahat na makibahagi dahil ang mga grupong ito ay partikular na idinisenyo upang tulungan ang mga disipulo na umunlad sa espirituwal.

Ang Victory group meeting ay may tatlong bahagi: **Connect**, **Word**, and **Prayer**, at tumatagal ito ng apatnapu hanggang animnapung minuto.

CONNECT (5-10 minutes)

Ang mga pagtitipon ng Victory group ay nagsisimula upang makibahagi at makipag ugnayan sa isa't isa. Depende sa mga taong bumubuo sa grupo, ito ay maaaring gawin sa pamamagitan ng iba't-ibang paraan:

- Kasiyahan—magbigay ng mga aktibidad katulad ng icebreaker
- Nasagot na mga panalangin—pagbabahagi ng patotoo at mga update ng bawat isa
- Mga tanong—tulad ng mga ibinigay sa materyal, magkaroon ng kaalaman sa personal na kuwento ng isa't isa, at pagbabahagi ng saloobin, maging ang natutunan mula sa lingguhang mensahe

Epektibong mga tanong sa panahon ng connect portion:

- Maging palakaibigan sa mga bago o unang beses pa lang sumama
- Magtanong ng opinyon o mga karanasan ng bawat isa
- Hindi kailangan mayroon na agad kaalaman sa Bibliya
- Walang tama o mali na sagot
- Hindi dapat pagtatalunan o magiging kontrobersyal
- Mas mabuting konektado sa inyong magiging paksa

OVERFLOW

Copyright © 2004-2006, 2013 by Every Nation Productions
First edition 2004. Second edition 2013.

Published by EVERY NATION PRODUCTIONS

P.O. Box 12229 Ortigas Center, Pasig City, Philippines

email: productions@everynation.org.ph

All rights reserved. No part of this publication may be reproduced or transmitted in any form or by any means, electronic or mechanical, including photocopy, recording, or any information storage and retrieval system, without permission in writing from EVERY NATION PRODUCTIONS.

All Scripture quotations, unless otherwise indicated, are taken from the Holy Bible, New International Version® Copyright © 1973, 1978, 1984 International Bible Society. Used by permission of Zondervan. All rights reserved.

Printed in the Republic of the Philippines

WORD (20-30 minutes)

Ituro ang katotohanan at kahalagahan ng Salita ng Diyos upang maisabuhay. Ang pagtitipon ng Victory group ay hindi isang Bible study. Bagamat ang pagtuturo at pagpapaliwanag ng Kasulatan ay kasama dito, ang layunin ay maglingkod at magbahagi, hindi tapusin ang isang materyal.

Hindi naman kailangang ituro ang lahat ng punto sa isang materyal.

Sa bahaging ito, titignan natin kung ano ang sinasabi ng Bibliya, ang kaugnayan nito sa atin ngayon, at paano ang pagsasabuhay nito.

Ano: Anong sinasabi ng Bibliya?

Ipahayag at ibahagi ng malinaw at maikli ang katotohanan sa Bibliya

16 Ang lahat ng Kasulatan ay kinasihan ng Diyos, at kapaki-pakinabang sa pagtuturo ng katotohanan, sa pagsaway sa kamalian, sa pagtutuwid sa likong gawain at sa pagsasanay para sa matuwid na pamumuhay, 17 upang ang lingkod ng Diyos ay maging ganap at handa sa lahat ng mabubuting gawain. 2 TIMOTEO 3:16-17

Mga punto upang ma-ibahagi ang Salita ng maayos

- Hayaan ang Bibliya na magsalita para sa sarili nito.
- Gumamit ng mga paglalarawan at mag-kuwento upang ipaliwanag ang mga talata sa Bibliya.
- Kapag may mga paglilinaw, pakinggan mabuti at maging maingat, huwag hayaang mawala ang punto ng talakayan.
- Ang pangunahing layunin ay maibahagi kung ano ang pangangailangan ng mga tao, hindi upang tapusin ang isang aralin sa Bibliya.
- Magpasakop sa Banal na Espiritu kapag ginagamit ang materyal.

Kaya Ano: Ano ang kahalagahan ng Salita sa ating buhay?

Bigyan ng pagkakataon ang mga kalahok na talakayin kung paano nakakaapekto ang Salita sa paraan ng kanilang pamumuhay.

Huwag kayong makiayon sa takbo ng mundong ito. Sa halip, hayaan ninyong baguhin ng Diyos ang inyong pag-iisip upang maunawaan ninyo ang kanyang kalooban. Sa gayon, magagawa niyo kung ano ang mabuti, kalugod-lugod at ganap na kalooban sa Diyos. ROMA 12:2

Ngayon Ano: Paano ito magagamit sa totoong buhay?

Ang pangunahing dahilan natin sa pagbabahagi ng Bibliya ay upang malaman ng mga tao kung sino ang Diyos at kung ano ang Kanyang ginawa. Sa paggawa nito, ang mga kalahok ay magsisimulang tuklasin kung sino sila at kung ano ang dapat nilang gawin.

Kung ito ay isang pangako, turuan silang angkinin ito. Kung ito ay utos o alituntunin, hikayatin silang gawin ito sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos. Kung ito ay isang katotohanan, hayaan silang yakapin ito nang kusang loob at hindi napipilitan. Hayaan ang biyaya at pagmamahal ng Diyos ang kumilos sa kanila sa pamamagitan ng paraan ng iyong pagtuturo ng Salita ng Diyos.

Manghikayat ng mga tiyak at masusukat na hakbang na naaayon sa pagbabago ng buhay na isinasagawa ng Kasulatan. Hindi tayo nag-uutos sa mga tao, ngunit hinihimok natin sila tungo sa pagmamahal at mga mabubuting gawa.

Huwag lamang makinig sa salita, at kaya linlangin ang inyong sarili. Gawin mo ang sinasabi nito. SANTIAGO 1:22

Mga punto upang magkaroon ng pagbabago sa iyong buhay

- Maaari kang pumili ng isa sa mga tanong na "Kaya Ano" at "Ngayon Ano" o maaari kang magdagdag ng iyong sariling tanong.
- Ang isang epektibong tanong sa standby application ay: "Ano ang gagawin mong hakbang bilang resulta ng narinig mo ngayon?"
- Tukuyin kung sino ang unang sasagot sa tanong na itinatanong.
- Huwag hayaang makipagtalo o maging mapanuri sa iba ang isang tao.
- Paalalahanan ang lahat na ipamuhay ang aral sa kanilang sariling buhay, hindi sa buhay ng iba.
- Humingi ng karunungan sa Diyos upang malaman kung kailan dapat balansehin o itama ang mga kakaiba o hindi biblikal na aplikasyon. Ang hindi sensitibong pagwawasto o pagpuna ay maaaring pumatay sa grupo, tulad ng hindi naka check na erehiya.
- Ipaalala sa lahat na ang pagbabago ay gawain ng Diyos, hindi natin, at ang ating pagsunod ay tugon sa kung sino Siya at sa Kanyang pagmamahal sa atin. Ang biyaya ng Diyos ang nagbibigay daan sa atin upang maipamuhay at sundin ang Kanyang Salita.

PRAY (15-20 minutes)

Ang panalangin ang pinakamahalagang bahagi ng pagpupulong ng grupo ng Tagumpay. Siguraduhing marami ka pang oras na natitira para hindi magmadali sa oras ng iyong panalangin. Hindi ito isang "pangwakas na panalangin," kundi isang panahon para sa bawat isa sa grupo na dalhin ang mga tiyak na kahilingan sa Diyos. Dito na ang aksyon. Ang layunin ay lumikha ng isang lugar kung saan makikita ng mga tao ang pagkilos ng Diyos para sa kanila.

"Muli, sinasabi ko sa inyo na kung magkasundo ang dalawa sa inyo sa lupa tungkol sa anumang hinihiling ninyo, gagawin ito para sa inyo ng aking Ama sa langit." MATEO 18:19

Mga punto para magkaroon ng makapangyarihang panalangin

- Makinig ng mabuti sa Banal na Espiritu sa panahon ng mga bahagi ng Pagkonekta at Salita para sa mga bagay na maaaring mangailangan ng panalangin.
- Gumugol ng iyong oras sa pagdarasal para sa isa't isa, hindi pagbabahagi at pagtalakay sa mga kahilingan sa panalangin.
- Panatilihin simple, tapat, at maikli ang inyong mga panalangin. Karamihan sa mga di mananampalataya ay hindi kailanman nakarinig ng isang ordinaryong Kristiyano na nakikipag usap lamang sa Diyos at maaantig sa katapatan at pagiging simple ng panalangin.
- Manalangin, huwag mangaral. Manalangin ng simple at maikling pangungusap, hindi mahaba ng "sermon panalangin."
- Gumamit ng panalanging pang-usapan, hindi kumplikado o malalim, panalangin ng pamamagitan.
- Asahan mong sasagutin ng Diyos ang iyong mga panalangin.

NILALAMAN

1	Kasunduan.....	1
2	Ang Kahalagahan ng Layunin.....	7
3	Ang Diyos ay isang Mabuting Ama.....	11
4	Pangangasiwa.....	15
5	Ikapu.....	19
6	Ang Kapangyarihan ng Isang Binhi...	23

1 Sinabi ni Yahweh kay Abram, “Lisanin mo ang iyong bayan, ang tahanan ng iyong ama at mga kamag-anak, at pumunta ka sa bayang ituturo ko sa iyo. 2 Pararamihin ko ang iyong mga anak at apo at gagawin ko silang isang malaking bansa. Pagpapalain kita, at gagawin kong dakila ang iyong pangalan at ikaw ay magiging pagpapala sa marami. 3 Ang sa iyo’y magpapala ay aking pagpapalain, at ang sa iyo’y sumumpa ay aking susumpain; sa pamamagitan mo, lahat ng mga bansa sa daigdig ay aking pagpapalain.”[a]

GENESIS 12:1-3

ANO

Ang Diyos ang nagsimula ng isang tipan o isang relasyon na may pangako kay Abraham para siya ay maging daluyan ng pagpapala para sa sangkatauhan. Sinabi Niya kay Abraham, at paulit-ulit Niyang binanggit ang salitang “pagpapalain” upang bigyang-diin ang pag-asa na, sa pamamagitan ni Abraham, ay maranasan ng mga tao ang pabor na mula sa Diyos, na taliwas sa mga sumpa na dinanas ng sangkatauhan dahil sa kasalanan (Genesis 3-11). Sa araling ito, matutunghayan natin kung paano na-aangkop sa atin ngayon ang pangako ng pagpapala ng Diyos kay Abraham.

1 Inaanyayahan tayo ng Diyos na magtiwala sa Kanya lamang.

Sinabi ni Yahweh kay Abram, “Lisanin mo ang iyong bayan, ang tahanan ng iyong ama at mga kamag-anak, at pumunta ka sa bayang ituturo ko sa iyo. GENESIS 12:1

Ang paanyaya ng Diyos kay Abraham ay hinamon siya na talikuran ang pinagmumulan ng kanyang pagkakakilanlan at seguridad at pumunta sa isang lugar kung saan ang tanging tao na mapagkakatiwalaan niya ay ang Diyos. Gayunpaman, kung tumanggi si Abraham sa Diyos, hindi niya masasaksihan ang mga pangakong natupad mula sa kanyang tipan (Genesis 12:4, Hebreo 11:8). Ang pagkatawag ng Diyos ay katulad sa atin ngayon, nag-aanyaya sa atin na magtiwala lamang sa Kanya at hindi sa mga bagay o mga taong ninanais natin para sa ating mga pangangailangan.

Paano ka tumugon sa imbitasyong ito? Bakit ka sumunod sa Diyos?

2 Ang Diyos ay nag-bibigay sa atin ng seguridad at pamana.

2 Pararamihin ko ang iyong mga anak at apo at gagawin ko silang isang malaking bansa. Pagpapalain kita, at gagawin kong dakila ang iyong pangalan at ikaw ay magiging pagpapala sa marami. 3 Ang saiyo’y magpapala ay aking pagpapalain, at ang saiyo’y sumumpa ay aking susumpain; sa pamamagitan mo, lahat ng mga bansa sa daigdig ay aking pagpapalain.” GENESIS 12:2-3

“Tutuparin ko ang aking pangako sa iyo at sa iyong lahi habang panahon, at ako’y maging Diyos ninyo.

GENESIS 17:7

Kinalugdan ng pangako ng Diyos kay Abraham ang lahat ng kinailangan niya at higit pa. Bagama’t baog si Sarah, ang kanyang asawa, naghintay sila ng mahabang panahon upang makitang natupad ang pangako ng Diyos, paano kumilos ang Diyos para kina Abraham at Sarah?

Paano kumilos ang Diyos para sayo?

Pinagpapala tayo ng Diyos upang tayo ay maging isang pagpapala.

*2“At gagawin kitang isang malaking bansa, at pagpapalain kita at gagawin kong dakila ang iyong pangalan, upang ikaw ay maging isang pagpapala.
3 Pagpapalain ko ang mga nagpapala sa iyo, at ang lumalapastangan sa iyo ay aking susumpain, at sa iyo ay pagpapalain ang lahat ng angkan sa lupa.”*

GENESIS 12:2-3

Hindi lamang pinagpala ng Diyos si Abraham at ang kanyang pamilya; Ang Kanyang Tipan ay nilayon na pagpalain ang buong bansang Israel at ang mundo, na ginagawang “binhi ni Abraham” ang lahat ng magtitiwala kay Jesus (Galacia3:29).

.....

.....

.....

.....

Ano ang ibig sabihin ng pagiging isang pagpapala?

KAYA ANO

- Ano ang karaniwang pinagkakatiwalaan natin? Paano tayo sa kalaunan bibiguin ng mga bagay at/o taong ito?
- Paano naiiba ang seguridad na inaalok ng Diyos sa seguridad na inaalok sa atin ng mundo?
- Sa anong pamamaraan tayo maaaring maging isang pagpapala sa mga hindi pa nakakakilala sa Diyos?

NGAYON ANO

- Sa Diyos ka lamang ba nagtitiwala? Sa anong bahagi mo kailangan pang magtiwala sa Kanya? Paano ka lalago sa iyong relasyon at higit na magtitiwala sa Kanya sa linggong ito?
 - Anong mga desisyon ang maaari mong gawin ngayon para tumanggap at mamuhay ayon sa mga pangako ng Diyos sa seguridad at pamana?
 - Kanino mo maibabahagi ang salita Niya sa linggo ito? Paano ka magiging isang pagpapala sa kanya?
-
- Magpasalamat sa Panginoon sa pag-imbata sa iyo sa isang mas ganap na buhay sa ilalim ng Panginoong Jesus, ang Tagapagbigay ng lahat ng kailangan namin.
 - Hilingin sa Banal na Espiritu na ihayag ang mga bahagi ng iyong buhay kung saan hindi ka nagtitiwala sa Diyos at manalangin para sa kalooban Niya upang magsimula ng magtiwala sa Kanya lamang.
 - Ipanalangin ang mga oportunidad naipagkakaloob sa iyo, iyong pamilya at mga kaibigan tungkol sa mga pagpapalang dulot ni Jesus. Magpasalamat sa Banal na Espiritu na Siya ay kumikilos na at inihahanda ang kanilang mga puso.

Ang Kahalagahan ng Layunin

- Kung hindi problema ang pera, ano ang gagawin mo sa iyong buhay? Bakit?
- Anong mga kadahilanan ang karaniwan mong isinasaalang-alang bago gumawa ng desisyon?
- Ano ang isang bagay na gusto mong gawin na gagawin mo pa rin kahit na hindi ka binabayaran para dito?

1 Sinabi ni Yahweh kay Abram, "Lisanin mo ang iyong bayan, ang tahanan ng iyong ama at mga kamag-anak, at pumunta ka sa bayang ituturo ko sa iyo. 2 Pararamihin ko ang iyong mga anak at apo at gagawin ko silang isang malaking bansa. Pagpapalain kita, at gagawin kong dakila ang iyong pangalan at ikaw ay magiging pagpapala sa marami. 3 Ang sa iyo'y magpapala ay aking pagpapalain, at ang sa iyo'y sumumpa ay aking susumpain; sa pamamagitan mo, lahat ng mga bansa sa daigdig ay aking pagpapalain."^[a]

GENESIS 12:1-3

ANO

Ang pangako ng Diyos ng probisyon kay Abraham ay dumating pagkatapos ng Kanyang tawag. Sinasabi nito sa atin na ang probisyon ay alinsunod sa layunin. Napakaraming beses na tayo gumagawa ng mga desisyon batay sa kung gaano karaming pera ang mayroon tayo. Gayunpaman, sa ekonomiya ng Diyos, kapag alam natin at sinunod natin ang Kanyang kalooban, ito ang magiging Kanyang panukala. Sa araling ito, titingnan natin kung gaano kahalaga ang layunin.

1 Alamin ang layunin ng Diyos para sa iyong buhay.

2 Pararamihin ko ang iyong mga anak apo at gagawin ko silang isang malaking bansa. Pagpapalain kita, at gagawin kong dakila ang iyong pangalan at ikaw ay magiging pagpapala sa marami.

GENESIS 12:2

Ang pag-alam sa plano ng Diyos para sa ating buhay ang dapat nating unahin. May layunin ang Diyos para sa bawat isa sa atin (Jeremias 29:11, Efeso2:10) at kalooban Niya na malaman natin ito (Roma 8:28). Inihayag muna ng Diyos ang Kanyang layunin para kay Abraham bago ibigay sa kanya ang probisyon para sa kanyang pagkatawag. Kaya naman, ang pinakamahasag na tanong na maaari nating sabihin sa ating sarili ay hindi "Saan ako kikita ng mas maraming pera?" Sa halip, itanong ang "Ano ang kalooban ng Diyos para sa akin?"

Anong mga pagpapala sa iyong buhay ang nakatulong din sa iba? Paano?

2 Maunawaan mo na ang iyong layunin ay maging isang biyaya.

3 Angsaiyo'y magpapalaay aking pagpapalain, at angsa iyo'y sumumpaay akingsusumpain; sapamamagitanmo, lahatng mgabansasadaigdigay aking pagpapalain."

GENESIS 12:1-3

Kalooban ng Diyos na pagpalain tayo. At kapag nakilala at sinusunod natin ang Diyos at ang Kanyang kalooban para sa ating buhay, tiyak na darating ang mga pagpapala (Mateo 6:33). Pinagpala ng Diyos si Abraham hindi lamang para sa kanyang kapakanan, kundi upang ang iba ay mapagpala sa pamamagitan ng kanyang buhay. Kapag tayo ay pinagpala habang sinusunod natin ang tawag ng Diyos, tandaan na ito ay upang makinabang din ang iba.

3 Sundin ang layunin ng Diyos para sa iyong buhay.

Dahil sa pananampalataya, sumunod si Abraham ng siya'y utusan ng Diyos upang pumunta sa isang lupaing pinangako sa kanya. Sumunod nga siya, kahit hindi niya alam kung saan siya pupunta.

HEBREO 11:8

At buhat sa hindi mauubos na kayamanan ng Diyos, ibibigay niya ang lahat ng inyong kailangan sa pamamagitan ni Cristo Jesus.

FILIPOS 4:19

Si Abraham ay sumunod sa Diyos ng hindi nakikita ang buong larawan. Ang pagsunod sa layunin ng Diyos ay mas mahalaga kaysa sa pag-alam ng ating layunin, at ito ay nagmumula sa ganap na pagtitiwala sa Kanya (Kawikaan3:5,6). Habang sinusunod natin ang Diyos, Ipinagkakaloob Niya ang Kanyang mga pangako. .

Paano tinupad ng Diyos ang Kanyang mga pangako sa buhay ni Abraham?

KAYA ANO

- Sa palagay mo, paano natin malalaman ang layunin ng Diyos para sa ating buhay?
- Paano ka naapektuhan ng kaalaman na ang kaloob ng Diyos ay alinsunod sa Kanyang layunin sa iyo? Paano ka hinihikayat ng katotohanan na inayon ng Diyos na pagpalain ka at gawing pagpapala?
- Ano ang kadalasang nag-uudyok sa iyo kapag gumagawa ng mga desisyon (pera, pamilya, kaibigan, pressure, atbp.)? Paano mo pararangalan ang Diyos sa pamamagitan ng mga desisyong gagawin mo?

NGAYON ANO

- Ano sa palagay mo ang layunin ng Diyos para sa iyong buhay? Paano mo ito ipapamuhayb sa araw-araw?
 - Paano ka magiging isang pagpapala sa linggong ito?
 - Anong mga desisyon ang kailangan mong gawin upang matulungan ka na mas masunod ang layunin ng Diyos para sa iyong buhay?
-
- Magpasalamat sa Diyos kung sino Siya sa iyong buhay at para sa Kanyang layunin para sa iyo.
 - Hilingin sa Diyos na tulungan kang sumunod at sundin Siya palagi. Humingi sa Kanya ng karunungan sa paggawa ng desisyon, na Siya na ang bahalang magbigay sa iyong mga pangangailangan.
 - Magpahayag ng isang pagpapala sa isang tao sa iyong Victory group ngayon.

3

Ang Diyos ay isang Mabuting Ama

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

- Ano ang isa sa pinakamagandang regalong natanggap mo noong bata ka pa? Sabihin sa amin ang tungkol dito.
- Ano ang iyong karaniwang tugon kapag ikaw ay nahaharap sa isang problema o pangangailangan? Bakit sa tingin mo mayroon kang ganyang pag uugali?
- Ano ang isang katangian na pinahahalagahan mo tungkol sa iyong ama? Alalahanin ang isang pagkakataon na nagpapaliwanag nito.

9 **Bibigyan ba ninyo ng bato ang inyong anak kapag siya'y humihingi ng tinapay?** 10 **Bibigyan ba ninyo siya ng ahas kapag siya'y humihingi ng isda?** 11 **Kung kayong masasama ay marunong magbigay ng mabubuting bagay sa inyong mga anak, gaano pa kaya ang inyong Ama na nasa langit? Bibigyan niya ng mabubuting bagay ang sinumang humihingi sa kanya!!**

MATTHEW 7:9-11

ANO

Ang paraan ng pakikitungo natin sa ating mga ama ay naaayon sa ating mga karanasan sa kanila habang tayo ay lumalaki. Marami sa mga lumaki na may mga maramot at malupit na ama kaya may alinlangan silang humingi ng tulong sa kanila. Ngunit ang mga lumaki na may mapagbigay at madaling lapitan na mga ama ay mas may tiwala at tapat na lumapit sa kanila. Sinasabi ng Bibliya na ang Diyos ang ating Ama, at tayo ay Kanyang mga anak. Ito ang naging unang pamamaraan kung paano Niya inihayag ang Kanyang sarili sa atin. Kahit na hindi tayo nagkaroon ng mabubuting ama sa lupa, mayroon tayong mabuting Ama sa Langit.

1 Nagbibigay ang Diyos ng magagandang regalo.

Kung kayong masasama ay marunong magbigay ng mabubuting bagay sa inyong mga anak, gaano pa kaya ang inyong Ama na nasa langit? Bibigyan niya ng mabubuting bagay ang sinumang humihingi sa kanya!

MATTHEW 7:11

Likas sa mga Ama dito sa lupa na ibigay kung ano ang pinakamainam para sa kanilang minamahal na mga anak, kahit na hindi sila perpekto at may limitasyon. Gayunpaman, ang ating Ama sa Langit, na walang limitasyon, tinitiyak sa atin ng paulit-ulit na Siya ay nagbibigay ng mabubuting kaloob (Awit 84:11, Santiago 1:17)

Ano ang "mabuting kaloob"? Ano ang pinakamagandang regalo na ibinigay sayo ng Diyos?

Ano ang ipinakikita natin kapag lumalapit tayo sa Diyos sa tuwing tayo ay may pangangailangan o aalalahanin?

2 Dinidinig ng Diyos ang ating mga panalangin para sa mga biyaya.

7 "Humingi kayo at kayo'y bibigyan; humanap kayo at kayo'y makakatagpo; kumatok kayo at kayo'y pagbubuksan. 8 Sapagkat ang bawat humihingi ay tatanggap; ang bawat humahanap ay makakatagpo; at ang bawat kumakatok ay pagbubuksan.

MATTHEW 7:7,8

Sinasabi ng Bibliya na maaari tayong lumapit sa Diyos para sa anumang kailangan natin. Mas tinitiyak nito sa atin na alam ng Diyos ang ating mga pangangailangan bago pa man tayo humingi (Mateo 6:8). Kung gayon, bakit kailangan pa nating manalangin sa Diyos para sa ating mga pangangailangan (Santiago 4:2, Filipos 4:6)?

3 Ang Diyos ay tapat.

Kung sino si Jesu-Cristo noon ay Siya rin ngayon at magpakailanman. HEBREWS 13:8

23 Magpakatatag tayo sa ating pag-asa at huwag nang mag-alinlangan pa, sapagkat tapat ang nangako sa atin.

HEBREWS 10:23

Tapat ang Diyos, kahit tayo ay hindi. Hindi siya nagbabago. Siya ang sinasabi Niyang Siya at ginagawa Niya ang sinasabi Niyang gagawin Niya.

Paano mo nakita ang katapatan ng Diyos sa buhay mo?

**Ang mapagkakatiwalaan sa maliit na bagay ay mapagkakatiwalaan din sa malaking bagay; ang mandaraya sa maliit na bagay ay mandaraya rin sa malaking bagay. LUCAS 16:10
(BASA DIN ANG GENESIS 13.)**

ANO

Pinagpala ng Diyos si Abraham ng mabuti, at sa buong Genesis, makikita natin kung gaano kahusay na pinangangasiwaan ni Abraham ang mga pagpapalang ito. Ang isang katiwala ay hindi ang may-ari. Tulad ni Abraham, kailangan nating maunawaan na ang ating buhay at lahat ng mayroon tayo ay sa Diyos. Tayo ay Kanyang mga katiwala, at ipinangako Niya na pagpapalain tayo kapag tayo ay tapat sa Kanya. Sa aralin na ito, titingnan natin ang halimbawa ni Abraham at matututuhan natin ang ilang alituntunin sa pangangasiwa.

1 Si Abraham ay sumunod sa Diyos tungkol sa kanyang pagkatawag at tungkulin.

4 Sumunod nga si Abram sa utos ni Yahweh; nilisan niya ang Haran noong siya'y pitumpu't limang taon. Sumama sa kanya si Lot. 5 Isinama ni Abram ang kanyang asawang si Sarai at si Lot na pamangkin niya. Dinala niyang lahat ang kanyang mga alipin at mga kayamanang naipon nila sa Haran. Pagkatapos nito'y nagtungo sila sa Canaan. GENESIS 12:4-5

Tinawag ng Diyos si Abram (pinangalanang “Abraham” sa (Genesis 17:5) at nangakong pagpapalain siya para maging pagpapala siya sa mga bansa. Sumunod siya ng may pananampalataya kahit na hindi niya alam kung saan siya pupunta (Hebreo 11:8) dahil naniniwala siya na pagpapalain siya ng Diyos at ang kanyang pamilya.

Maraming tao ang lilipat sa ibang mgabansapara sa pinansiyal na kaunlaran, ngunit ano ang dahilan ni Abraham sa paglipat?

2 Responsableng pinangasiwaan ni Abraham ang kanyang mga ari-arian.

16 Dahil sa kanya, mabuti ang naging pagtanggap ng Faraon kay Abram at binigyan pa niya ito ng mga tupa, kambing, baka, asno, kamelyo at mga alipin.

GENESIS 12:16

2 Mayaman na noon si Abram; marami na siyang mga tupa, kambing at baka. Marami na rin siyang naipong ginto at pilak

GENESIS 13:2

Kung titingnan kung paano umunlad si Abraham mula noong sinunod niya ang tawag ng Diyos (Genesis 12:5), masasabi nating siya ay responsableng katiwala ng mga pagpapalang ibinigay sa kanya ng Diyos. Masagana siyang pinagpala ng Panginoon at naging mayaman siya (Genesis 24:35).

Ano ang sinabi ni Jesus tungkol sa mabubuting katiwalasa Lucas 16:10?

3 Itinuon ni Abraham ang kanyang puso sa Diyos, hindi sa kanyang mga ari-arian.

3 Mula sa Negeb, unti-unti siyang naglakbay pabalik sa dati niyang pinagkumpuhan, sa pagitan ng Bethel at Ai. 4 Pumunta siya sa dating pinagtayuan niya ng altar, at doon sumamba kay Yahweh.

GENESIS 13:3,4

Si Abraham ay tumawag sa pangalan ng Panginoon at patuloy na sumamba sa Kanya (Genesis 12:8). Ang kanyang puso ay hindi sa materyal na bagay, kundi sa Tagapagbigay ng mga pagpapala. Ang Awit 62:10 ay nagbabala sa atin, “bagaman ang iyong kayamanan ay lumago, huwag mong ituon ang iyong puso sa kanila.”

Bagama't pinapaunlad tayo ng Diyos, saanong mga bagay dapat nating bantayan ang ating mga puso?

18 *Dinalhan siya ni Melquisedec, hari ng Salem at pari ng Kataas-taasang Diyos, ng tinapay at alak, 19 at binasbasan, "Pagpalain ka nawa, Abram, ng Kataas-taasang Diyos, na lumikha ng langit at lupa. 20 Purihin ang Kataas-taasang Diyos, na nagbigay sa iyo ng tagumpay!" At ibinigay ni Abram kay Melquisedec ang ikasampung bahagi ng lahat ng kanyang nasamsam buhat sa labanan.*

GENESIS 14:18-20

ANO

Ang ikapu ay unang binanggit dito sa Bibliya. Nagbigay ng ikapu si Abraham bilang pagpapahayag ng kanyang pananampalataya sa Diyos. Sa araling ito ay titingnan natin kung ano ang ikapu at kung bakit dapat tayong magbigay nito.

1 Ang ikapu ay ang ikasampung bahagi ibibigay sa Diyos

"Ang ikasampung bahagi ng lahat ng bagay mula sa lupain, maging ang butil ng lupa o bunga ng mga punungkahoy, ay kay Yahweh; ito ay banal sa Panginoon."

LEVITICUS 27:30

Sa buong Bibliya, ang ikapu ay itinuturing na sagrado at pagbibigay para sa Diyos. Ang ikapu ay tinatawag minsan na "mga unang bunga" (Kawikaan3:9, 10), na noong unang panahon ipinahiwatig ang una at pinakamagandang ani at pinakamainam na alagang hayop na iniaalok ng mga tao sa Diyos.

Ano ang ibig sabihin ng pagbibigay ni Abram ng ika sampu(Genesi 14:18-20)? Paano isinasalin sa atin ngayon ang ikapu?

2 Ang ikapu ay isang gawaing pagsamba.

4 "At sa pagsamba ninyo sa Diyos ninyong si Yahweh, huwag kayong tutulad sa kanila na sumasamba sa kanilang mga diyus-diyosan kahit saan maibigan. 5 Sa halip, hanapin ninyo ang lugar na pipiliin ni Yahweh sa lupain ng isa sa inyong mga lipi;

Bakitkanagti-tithe? Paanoat kailanginawa ito?

3

Ang ikapu ay isang paraan para pagpalain tayo ng Diyos.

10 Dalhin ninyo nang buong-buo ang inyong mga ikasampung bahagi sa tahanan ng Diyos upang matugunan ang pangangailangan sa aking tahanan. Subukin ninyo ako sa bagay na ito, kung hindi ko buksan ang mga bintana ng langit at ibuhos sa inyo ang masaganang pagpapala. 11 Hindi ko rin hahayaang salantain ng mga balang ang inyong mga pananim at mamumunga na nang sagana ang inyong mga ubasan. 12 Dahil dito'y sasabihin ng lahat ng bansa na kayo'y mapalad sapagkat napakainam manirahan sa inyong lupain," sabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat. MALAKIAS 3:10-12

Ang Diyos ay nagbigay ng maraming pangako sa Malakias. Sinabi niya na kung dadalhin natin ang buong ikapu sa kamalig, Bubuksan Niya ang mga tarangkahan ng langit. Upang ibuhos ang Kanyang masaganang pagpapala. Ang ikapu ay nagbibigay ng mga pagpapala para sa atin at sa ating mga pamilya—hindi lamang probisyon, kundi pati na rin sa proteksyon mula sa mga bagay na susubukan na lamunin o agawin ang mga pagpapalang iyon sa atin.

Paano ka pinagpala ng Diyos sa pagpaparantal sa Kanya ng iyong Ikapu?

KAYA ANO

- Paano pinararangalan ng ikapu ang Diyos? Dahil ang Diyos ang nagmamay-ari ng lahat, sa palagay mo bakit itinatag ang gawaing ito?
- Ano ang ilan sa mga hamon ng mga tao sa pagbabalik ng kanilang mga ikapu sa Diyos? Ano ang ilan sa iyong mga hamon sa ikapu?
- Paano nakakaapekto ang katotohanan ng pagmamay-ari ng Diyos ang lahat sa paraan ng pagtingin mo sa iyong pananalapi? Paano ka hinihikayat ng pangako ng masaganang probisyon at pagkakaloob?

NGAYON ANO

- Ibinibigay mo ba ang iyong ikapu sa Diyos? Naniniwala ka ba na tutuparin ng Diyos ang Kanyang pangako sa iyo sa Malakias 3:10-12? Handa ka bang subukin Siya?
- Mayroon ka bang matinding pangangailangan sa pinansyal ngayong linggo at kailangan mo ang Diyos na kumilos para sa iyo? Nananampalataya ka ba na gagawin Niya? Paano mo magagawa ang aralin ito sa iyong buhay?
- Paano ka lalago sa iyong pag-unawa sa ikapu? Anong mga pangako mula sa Banal na Kasulatan tungkol sa ikapu ang maaari mong pagnilayan upang matulungan kang bumuo ng pag-uugali?
- Magpasalamat sa Diyos sa pribilehiyong parangalan at sambahin Siya ng iyong ikapu. Salamat sa Diyos sa Kanyang katapatan at probisyon.
- Manalangin para lalong lumalim sa pananampalataya at ma magtiwala sa Diyos at sa Kanyang Salita. Hilingin sa Diyos na tulungan kang maging tapat sa pagbibigay ng iyong ikapu.
- Manalangin ng masaganang kaloob at proteksyon ayon sa pinangako sa Malakias 3 kapag ibinigay mo ang iyong ikapu sa Diyos. Ipanalangin na ikaw ay maging daluyan ng pagpapala mula sa Diyos para sa maraming tao.

Ang Kapangyarihan ng isang Binhi

- Ano ang magandang nangyari sa iyong linggo? Sabihin sa amin kung ano ang nangyari.
- Ano ang paborito mong prutas? Bakit gusto mo ito?
- Sabihin ang isang pagkakataon na ikaw ay nagtanim ng isang bagay. Kumusta ang iyong karanasan?

10 Hindi ba tayo ang tinutukoy niya? Alang-alang sa atin kaya iyon isinulat, sapagkat ang magsasakang nag-aararo at ang naghihiwalay ng mga butil sa uhay ay gumagawa sa pag-asang may bahagi sila sa aanihin. 11 Naghasik kami sa inyo ng pagpapalang espirituwal; malaking bagay ba naman kung umani kami ng mga materyal na pakinabang mula sa inyo?

2 CORINTHIANS 9:10,11

ANO

Ang bawat pag-ani ng magsasaka ay nagsisimula sa isang binhi. Ang bawat buto ay napaparami ayon sa uri nito. Katulad din nito ang prinsipyo sa pinansyal, at maaari tayong makaranas ng probisyon at tagumpay kapag naintindihan natin ang potensyal ng isang binhi at anihin ito ng tama. Sa araling ito, matututunan natin ang tatlong prinsipyo ng binhi at tingnan kung paano ito naaangkop sa ating pinansyal.

1 Binibigyan tayo ng Diyos ng binhi na aanihin

Ang Diyos na nagbibigay ng binhing itanim at tinapay na makakain,

2 CORINTHIANS 9:10

Ang Diyos, ang ating tapat na Taga pagbigay, ay nagbibigay sa atin ng pera sa dalawang kadahilanan: para sa pagkain (pang araw-araw na pangangailangan) at para sa pag-aani (para sa Kanyang kaharian). Ang pera ay tulad ng isang binhi na maaari gastusin, itabi, itanim. Kailangan nating maging matalino sa kung paano natin pinangangasiwaan ang mga binhing binigay sa ating Diyos. Ang binhi sa ating mga kamay na may kakayahan na magbigay at maging isang pagpapala.

Bakit kailangan natin maging matalino sa paggamit ng ating mga binhi sa pangangailangan natin sa araw-araw?

2 Nag-aani tayo habang tayo nagbibigay

6 Ito ang ibig kong sabihin: ang nagtatanim ng kakaunti ay aani ng kakaunti, at ang nagtatanim ng marami ay aani ng marami. 7 Ang bawat isa'y dapat magbigay ayon sa kanyang pasya, maluwag sa loob at hindi napipilitan lamang, sapagkat iniibig ng Diyos ang nagbibigay nang may kagalakan.

2 CORINTO 9:6-7

Habang nagbibigay tayo sa Diyos, may itinanim tayo sa Kanyang kabukiran. Ang binhi ng ating tinanim ay susi sa ating probisyon. Kung paanong inaasahan ng isang magsasaka ang pag-aani kapag nagtanim siya ng mga binhi sa bukid, kapag nagtiwala tayo at nagbibigay sa Diyos, nagkakaroon tayo ng pananampalataya upang makatanggap ng pagpapala mula sa Kanya.

Paano tayo magka
pagtanim sa
kaharian ng Diyos?

3 Nag-aani tayo ng higit pa sa ating itanim.

11 Pasaaganain niya kayo sa lahat ng bagay upang mas marami ang inyong matulungan. Sa gayon, lalong darami ang magpapasalamat sa Diyos dahil sa inyong tulong na dadalhin namin sa kanila.

2 CORINTHIANS 9:11

Kapag tumubo ang isang binhing itanim, inaasahang inaasahang mamumunga ng mas marami pa. Sa prinsipyo ng pagtanim at pag-aani ang ating tungkulin ay magtanim. Ang Diyos ang magpapatubo ng binhi at mas nagpaparami ng bunga nito. Ibinibigay sa atin ng Diyos ang kasaganaang ito hindi lamang para sa ating kapakinabangan, kundi upang mapagpala natin ang iba na nangangailangan.

Paano ka
umani ng higit pa
sa inihasik mo sa
Kaharian ng
Diyos? Paano ka
pinagpala sa
pagbibigay mo sa
Panginoon?

KAYA ANO

- Paano na-iiba ang prinsipyo ng pagtanim sa kaharian sa iniutos ng mundo? Paano na-iiba ang ekonomiya ng Diyos sa ekonomiya ng mundo?
- Paano tayo tinutulungan ng pangako ng pag-aani na magbigay ng may kagalakan sa Diyos? Ano ang maaari nating asahan habang nagtitiwala at sumusunod tayo sa Diyos sa pamamagitan ng pagbibigay?
- Sa iyong palagay, bakit mas madaling tumuon sa kung ano ang wala sa atin kaysa sa kung ano ang mayroon tayo? Sa anong mga paraan tayo pinagpapala? Sa anong mga paraan tayo maaaring maging isang pagpapala?

NGAYON ANO

- Naniniwala ka ba na ang lahat ng mayroon ka ay mula sa Diyos at nais Niyang pagpalain ka? Paano lalago ang iyong relasyon sa Kanya sa linggong ito?

Anong pangangailangan ang pinaniniwalaan mong tutugunan ng Diyos bilang resulta ng iyong pagtanim ng binhi? Ano ang maaari mong gawin sa mga susunod na araw para ipakita ang iyong pagtitiwala sa kabutihan ng Diyos?

- Paano ka makakapagtanim sa kaharian ng Diyos? Handa ka na bang magtanim at anihin ang binhi na lalago?
-
- Magpasalamat sa Diyos sa Kanyang katapatan sa iyong buhay. Magpasalamat sa Kanyang mga pagpapala at pagkakaloob .
 - Hillingin sa Diyos na ibigay ang iyong mga pangangailangan at palaguin ang mga binhing iyong itinanim. Magtiwala na ang Diyos ay palaging magiging tapat sa iyo, kahit na sa isang mahirap na sitwasyon o panahon.
 - Manalangin para sa karunungan at pananampalataya na sundin ang Diyos habang binibigyan ka Niya ng mga binhing itatanim. Ipanalangin na ikaw ay maging daluyan ng pagpapala ng Diyos sa marami.

"Gagawin kitang malaking bansa, pagpapalain kita, at gagawin kong dakila ang pangalan mo. Ikaw ay magiging pagpapala sa marami."

Genesis 12:2

Overflow ay isang serye ng anim na materyal para sa group discipleship na idinisenyo upang tulungan ang mga mananampalataya maunawaan ang pagnanais ng Diyos na pagpalain ang Kanyang mga tao at kung paano tayo lalakad sa pakikipagtipan sa Kanya.

MGA PAKSA:

- Kasunduan
- Ang Kahalagahan ng Layunin
- Ang Diyos ay isang Mabuting Ama
- Pangangasiwa
- Ikapu
- Ang Kapangyarihan ng Isang Binhi

